Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
# Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


Gob. Edgardo A. Tallado




# CNPH-FULL CHARITY!
## Bagong Gusali, Bagong Ugali

Pinangunahan nina Gobernador Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah G. Pimentel ang pasinaya ng bagong gusali sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* noong umaga ng ika-22 ng Disyembre 2012 na tampok din dito ang paglagda niya sa kautusan na nagdedeklara na *Full Charity* na ang *CNPH*.

Ang bagong gusali na may sukat na 405 *sq. m.* ay itinalaga bilang *emergency room* ang unang palapag at ang ikalawang palapag ay iba't-ibang tanggapan. Sinangkapan din ito ng mga bagong kagamitan tulad ng *incubator*, mga kama at marami pang iba.

Isang banal na misa ang idinaos bago ang pasinaya na pinangunahan ni *Bishop* Gilbert Garcera na siya ring nagsagawa ng pagbabasbas.

Pinasinayaan din ang iba pang gusali na nagkaroon ng *renovation* at ang isang bagong ambulansiya para sa *CNPH* Daet ay binasbasan din. Dalawang bagong ambulansiya pa ang parating para naman sa Capalonga

(Sundan sa pahina 3)




# Modernisasyon ng CNPH nagpapatuloy, nakapaloob sa 3-year Agenda of Governance

Ilan pang proyektong pang-imprastraktura ang naipatupad nitong nakaraang taon ni Gob. Edgardo A. Tallado upang tuloy-tuloy na maisulong ang modernisasyon ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* sa ilalim ng programang *Health Facilities Enhancement Program (HFEP)* ng *Department of Health (DOH).*

Ito ay ang *Completion of Administration Building* ( P 3.1 M); *Construction of Isolation Room Phase 1* (P 2 M); *Construction of parking area* (P 2 M); *Expansion of Operating Room* at *Delivery Room* ( P2.2 M) at *Construction/Rehab of Comfort Rooms* (P 6 M); *repair of dormitories; rehabilitation of surrounding fence with perimeter lightings, installation of water storage system* at *completion of stock room and maintenance building.*

Ngayon ay may maayos at malawak ng *parking lot* ang *CNPH*, may 23 banyo ang bagong pagawa at ang 56 na banyo ay inaayos at gumawa din ng 45 catch *basin* at 5 *septic tanks*. Nangangahulugan lamang na hindi lang panlabas ang nakikita nating kaayusan at kagandahan ng mga bagong tayo at bagong *repair* na mga gusali. Pati ang loob at labas ng *CNPH* ay inayos din.

May lawak na ngayon na 18.5 m x 4 m ang dating masikip na *delivery room (DR)* at *operating room (OR)*. Mayroon na ring bagong *isolation room (phase 1)* at ang *administration building.*

(Sundan sa pahina 2)


*Completion of Stock room/maintenance building*


Ilan sa mga bagong ***hospital beds*** sa ***CNPH***

## Nasa Loob

LYING-IN laganap na sa CamNorte p2
Badyet sa Philhealth tinaasan p3
Hindi na bawal magkasakit p4
CARZAN kampeon sa light a TREE p5
Modernisasyon ng CNPH pictorials p5
Libreng Operasyon hatid muli ng BACNA p6
Ilang Brgy Health Centers Bemonic na p6
Wheelchair Distribution p7
Free Reflex handog ng HWTP iskolars kay Gob. Egay p7

# Modernisasyon ng CNPH...

(Mula sa pahina 1)

*ing* ay nabuo na.

Hindi lamang ang *CNPH* dito sa Daet ang binigyang prayoridad. Ipinatupad din ang renobasyon ng *Capalonga Medicare and Community Hospital* (P5.8M). Kabilang dito ang *construction of administrative building; installation of automatic fire alarm, detection and sprinkler system, rehabilitation of surrounding fence with perimeter lightings, concreting of pathways and parking area, construction of staff quarter and completion of unfinished structure.*

Noong 2011 ay 3 bagong posisyong pangmedikal ang idinagdag ni Gob. Tallado sa *CMCH*: I *medical specialist*, isang *med-tech* at isang nars.

Samantala, sa *Labo District Hospital (LDH)*, ay naipatupad/patuloy na isinagawa ang mga sumusunod na proyekto: *construction of additional wards* at *repair ng operating/delivery/labor/dressing/recovery room; morgue and garage; construction of placenta pit, construction of waste transport station, construction of power house for generation.*

Tulad sa *CMCH*, isinagawa rin dito ang *installation of automatic fire alarm, detection and sprinkler system, rehabilitation of surrounding fence with perimeter lightings, expansion and concreting of pathways and parking area.*

Nagkaroon din ng mga karagdagang posisyon para sa *LDH (new items)*: 1 dentista; 2 narses; 1 *med-tech*; at 1 *midwife.*

Ang mga nahingi ni Gob. Tallado na ibat'-ibang medikal na kagamitan mula sa *DOH* ay itinalaga rin sa 3 ospital ng pamahalaang panlalawigan ayon sa pangangailangan nito. Bukod pa rito ang laang badyet ngayong taon ng pamahalaang panlalawigan para sa *CNPH-Main* na P500 libo at *LDH* na P250 libo na pambili pa rin ng mga kagamitang pang-medikal.

Ngayong 2013 ay 107 aplikanteng narses ang nakatakdang tanggapin bilang bagong mga empleyado ng pamahalaang panlalawigan at itatalaga sa *CNPH* dahil sa pagdami ng pasyente nito bunsod ng pagiging *FULL CHARITY* nito.

Sa unang pulong ni Gob. Tallado sa mga hepe ng mga tanggapan ng pamahalaang panlalawigan, kanya na ring ipinabatid ang kanyang layunin na isulong ang *computerization* ng *CNPH* upang maging sistematiko, maayos, sigurado at mas mabilis ang proseso ng mga dokumento at pagbabayad.

Inatasan din ni Gob. Tallado ang *finance group* upang kwentahin ang mga naimpok sa pondo ng pamahalaang panlalawigan na siyang pagsisimulang pondo sa implementasyon ng nabanggit na komputerisasyon.

Sa *THREE-YEAR AGENDA OF GOVERNANCE* ni Gob. Tallado, nalalahad na upang maging *first class province ang Camarines Norte,* ang *flagship projects niya ay: UNA, MODERNISASYON NG CAMARINES NORTE PROVINCIAL HOSPITAL (CNPH). Inilahad din niya rito na bubuhusan niya ng P30 hanggang P50 milyong pisong pondo ang rehabilitasyon at pagpapagawa ng pasilidad at modernong kagamitan.*

Sa ikatlong taon ng kanyang termino, nagawa ni Gob. Tallado ang mga nabanggit niyang plano at higit pa sa P50 milyong piso ang nailaan para sa modernisasyon at rehabilitasyon ng mga pampublikong pagamutan.

Sa panayam, sinabi niyang napakalaking tulong ni Pangulong Noynoy Aquino sa paglalaan ng pondo sa Camarines Norte sa ilalim ng PNoy Kalusugan Pangkalahatan *Program* na ipinatutupad ng *DOH.* ***Jing Calimlim***

*(Source: Accomplishment Report of Provincial Health Office and Provincial Engineering Office)*



*Ang bagong repair na hospital dormitory sa Camarines Norte Provincial Hospital*




***Isa sa mga lying-ins na ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan mula sa pondong galing sa AECID o Agencia Espanola de Cooperacion Internacional para el Desarollo.***




***Ang 1-storey ward building sa Labo District Hospital na pinasinayaan noong Hulyo 2011. Sa kasalukuyan ay patuloy ang kontruksyon ng iba pang gusali rito.***

# LYING-IN laganap na sa CamNorte

Naibsan na ang panganib sa panganganak ng mga ina sapagkat bukod sa mga pagamutang pampubliko ay laganap na sa lalawigan ang mga *lying-in* at *Basic Emergency Maternal and Obstetrical New Born Care(BEMONC) facility* na tulong ng *Spanish Agency for Intl Devt Corp/ Agencia Española de Cooperacion Internacional para el Desarollo (AECID).*

Sa bayan ng Sta. Elena, noong ika-29 ng Enero ay pinasinayaan ni Gob. Edgardo A. Tallado ang isang **birthing facility** sa **Brgy. Kabuluan** na P 2M ang pondong ginugol sa kontruksyon mula sa *AECID* at ipinatupad ng pamahalaang panlalawigan.

Halos matatapos na rin ang kontruksyon ng *2nd floor* ***Lying-in*** **sa bayan ng Talisay** na may pondong P 2.6 milyon mula sa *AECID*.

Maliban pa dito, naipatupad din ng pamahalaang panlalawigan noong nakaraang taon ang konstruksyon/pagsasagawa ng iba pang *birthing home facilities* at ibang pasilidad pangkalusugan: ang ***Birthing Home Facility*** **sa Mambalite, Daet** (P 2.3 M) ***Birthing Home Facility*** **sa Pambuhan, Mercedes** (P 2. 4 ); ***Health Station*** **sa Calaguas Island-Banocboc, Vinzons -** P 1.6 M; ***Brgy Health Station*** **sa Exciban, Labo**- P 1.4 M at ***Brgy. Health Station*** **sa San Isidro, San Lorenzo** Ruiz, P 2.1 M .

Mula pa rin sa ulat ng *Provincial Health Office (PHO)*, noong 2011 ay 11 *LYING-IN/ BIRTHING BEMONC FACILITY* ang naisakatuparan sa mga sumusunod na bayan: *BASUD (POBLACION II) – extension and improvement of maternal lying in station* P3.2M; *DAET (PAMORANGON) – RHU and Lying in Construction* P1.6M; *LABO (TULAY NA LUPA) RHU II/BEMONC* - P 1.3M; *LABO (BAGONG SILANG)- Construction of BEMONC* - P937,249.000; *PARACALE, STO. NINO ST. – Const. of Birthing Facility & Improvement*

*(Sundan sa pahina 5)*

# CNPH FULL CHARITY...



(Mula sa pahina 1)
*Medicare and Community Hospital (CMCH)* at *Labo District Hospital (LDH)*.

Sa harap ng lahat ng naroon ay binasa ni Dr. Myrna P . Rojas-*CNPH Chief of Clinics,* ang kabuuan ng Kautusan Blg. 2012- 27 na nilagdaan ni Gob. Tallado at nila Bise Gob. Pimentel, Dr. Salagoste, at Dr. Roxas bilang mga saksi.

Sa mensahe ng gobernador ay kanyang ipinahayag ang paulit-ulit na pasasalamat sa mga nakiisa sa kanya upang matupad ang mga proyektong nabanggit. Ngunit sinabi rin niya na magiging mahigpit siya. *(Mababasa ang kabuuan ng mensahe ni Gob. Tallado sa pahina 4 at 7 ng babasahing ito).*

Tinalakay naman ni Dr. Salagoste ang mga programa at direksyong tatahakin ng *Provincial Health Office* at *CNPH* alinsunod sa tagubilin ng gobernador sa ilalim ng programang Pangkalahatang Pangkalusugan.

Sa pamumuno ni Bise Gob. Pimentel ay pinahintulutan ng Sangguniang Panlalawigan ang pagutang ng P45 milyon sa *Land Bank of the Philippines (LBP)* para sa konstruksyon ng bagong *emergency building* na babayaran sa mababang interes na 6% bawat taon sa loob ng 10 taon sa paraang *automatic deduction* mula sa *20% (community development fund)* ng *Internal Revenue Allotment (IRA)* ng Camarines Norte.

Samantala, ang konstruksyon at pagsasaayos naman ng iba pang gusali ay naipatupad sa

(Sundan sa pahina 4)

Republic of the Philippines
**PROVINCE OF CAMARINES NORTE**
Daet
(054)721-4304
**TANGGAPAN NG PUNONG LALAWIGAN**

**PANGKALAHATANG KAUTUSAN BLG. 2012-27**

**"KAUTUSAN PARA SA MGA PAMPUBLIKONG OSPITAL NA NASA ILALIM NG PANGANGASIWA NG PAMAHALAANG PANLALAWIGAN NG CAMARINES NORTE ANG PAGTATADHANA AT PAGKAKALOOB NG "FULL CHARITY" O "LIBRENG OSPITAL" PARA SA MAHIHIRAP NA PASYENTE NA NANINIRAHAN SA BUONG LALAWIGAN AT IBA PANG DULOT NA KAPAKINABANGAN NITO."**

**SAPAGKAT**, karamihan ng mga pasyente o nagkakasakit nating mga kababayan na dinadala sa ating mga pampublikong ospital na kapwa natin mga mahihirap at hikahos sa buhay. Malaking bilang sa mga ito ay halos walang pambayad sa mga gamot o gastusin sa ospital. Dahil dito, kailangan pa nilang maghanap o manghiram ng pera sa malalapit na kaibigan o kamag-anakan para lamang matustusan at mailabas ang kanilang pasyente;

**SAPAGKAT**, bukod sa nabanggit na mabigat na bayarin na kanilang kinakaharap, karamihan sa mga pasyenteng ito ay dumaraing ng mataas na singil ng pribadong doktor, na kung tutuusin ay mga miyembro at kawani mismo ng ospital o ng ating Pamahalaang Panlalawigan. Bilang tugon sa mga reklamo, kailangan na itakda ang alituntunin sa pribadong panggagamot ng lahat ng mga doktor ng Pamahalaang Panalalawigan base sa Guidelines on Private Practice of Full Time Government Physicians na itinakda ng Department of Health (DOH);

**SA KATUNAYAN**, may mga alituntunin tayo patungkol sa pagbabawal ng "Private Practice" ng mga doktor, lalung-lalo na ang mga kawani o empleyado mismo sa Camarines Norte Provincial Hospital at iba pang mga pampublikong ospital na sakop ng pangangasiwa ng ating Pamahalaang Panlalawigan, at ito ay ang mga sumusunod:

1. Mahigpit na ipinagbabawal ang maging pribadong doktor ng sinumang pasyente sa loob ng mga pampublikong ospital na sakop ng pangangasiwa ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte;

2. Ang sinumang doktor ng ating mga hospital ay maaari lamang maging pribadong doktor sa labas ng Hospital na hindi sakop ng Pamahalaang Panalalawigan at kapag wala siya sa duty.

3. Ang sinumang pasyente, may Philhealth man o wala, na nag-ookupa ng kwarto ay hindi dapat direktang magbayad ng professional fee sa kanyang doktor;

4. Ang lahat ng pasyenteng isasailalim sa kahit anong klaseng operasyon, maging siya man ay may philhealth o nasa charity ward, ay hindi dapat direktang magbayad sa kahit sinong doktor na nag-opera o nag-aasikaso sa kanya.

5. Bawal sa mga doktor o kahit sino mang empleyado ng Provincial Hospital ang mag-alok sa pasyente na kumuha ng pribadong doktor.

6. Bawal sa mga doktor o kahit sino mang empleyado ng Provincial Hospital ang mag-alok sa pasyente na lumipat sa pribadong ospital kung ang pasyente ay nasa loob na ng Provincial Hospital;

**SAPAGKAT,** patuloy ang hinaing at reklamo na kadalasan ay nakakarating sa tanggapan ng makamasang Gobernador Edgardo A. Tallado, kaya minabuti na magkaroon ng makabuluhang pagbabago, hindi lamang ang pagtatayo ng mga bagong gusaling pagamutan kundi kasama na dito ang patuloy na pagpapaganda at pagsasaayos ng mga gamit, serbisyo, pasilidad ng ating mga pampublikong ospital at ang mga isinusulong na reporma sa ugali at asal ng mga kawani ng Pamahalaang Panlalawigan, nilalayon din ng kautusang ito na maibsan at malutas na ang mga maling sistema at hindi makataong paniningil at nang maisaayos ang pag-aaruga sa ating mga kapus-palad na pasyente;

**SAPAGKAT,** kinakailangan na ng tunay na reporma at pagbabago, kaya napagpasyahan na ng ating Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pangunguna at pamamagitan ng inyong lingkod, Gobernador Edgardo A. Tallado, at bilang tanda ng kanyang pagmamahal sa kapakanan at ikabubuti ng mga mamamayan, na ipatupad at ipagkaloob sa ating mga kababayan ang **"FULL CHARITY"** o **"LIBRENG OSPITAL"**. Sa programang ito, at sa abot ng kakayanan ng Pamahalaang Panlalawigan, nilalayon ng aking Pangkalahatang Kautusan na ang sinumang mga kababayan natin na magkakasakit ay wala ng babayaran sa ospital para sa serbisyong ipagkakaloob nito;

**DAHIL DITO, AKO, SI EDGARDO A. TALLADO,** Punong Lalawigan ng Camarines Norte, sa pamamagitan ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas ay pinag-uutos ko ang pagsasakatuparan at pagkakaloob ng **"FULL CHARITY"** o **"LIBRENG OSPITAL"** sa mga mahihirap o kapus-palad nating mga kababayan, bilang isang hakbang na tuwirang maibalik ang tiwala ng mga mamamayan sa ating pamahalaan;

**KAUGNAY NITO,** ang lahat ng mga pampublikong ospital na saklaw ng lalawigan, tulad ng mga sumusunod: **CAMARINES NORTE PROVINCIAL HOSPITAL (CNPH), LABO DISTRICT HOSPITAL (LDH) at CAPALONGA MEDICARE AND COMMUNITY HOSPITAL (CMCH),** at upang maisakatuparan ang makataong gawain na ito, inaatasan ko ang CNPH Provincial Health Officer, LDH Chief of Hospital at CMCH Chief of Hospital, na kagyat na sumunod at ipatupad ng matagumpay ang Pangkalahatang Kautusang ito.

**BILANG PANGHULI,** lahat ng may kinalaman o may mahalagang papel at gagampanang gawain sa nasabing kautusan ay bigyan ng sipi ng Pangkalahatang Kautusan na ito para sa kanilang kaalaman at agarang pagkilos at ayon sa itinakdang gawain nila.

Ginawa ngayong ika-21 ng Disyembre, taong 2012, sa Daet, Camarines Norte.

HON. EDGARDO A. TALLADO
Governor

Cc:Office of the President, Malacañang Palace
DILG Manila, Legaspi and Daet
Honorable Sangguniang Panlalawigan
All Concerned

# Badyet sa Philhealth tinaasan, mas maraming pamilya makikinabang

Sa *Annual Budget for 2013* ng pamahalaang panlalawigan ay naglaan ng P 15 Milyon para sa *Philhealth coverage* ng mga mahihirap na pamilya dito sa Camarines Norte.

Mas mataas ito kaysa sa mga nakaraang taon. Noong 2011 ay P13.7 milyon lang at noong 2012 ay P 14.2 milyon naman ang pondong laan.

Sa kasalukuyan, humigit-kumulang sa 91,000 benepisyaryo ng *Philhealth card* ang napabilang sa ilalim ng *Human Development – Medical Program for Indigents* na ipinatupad nina Gobernador Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel. Sa 91,000 *Philhealth cards* na ipinamahagi/ipinamahagi, 50,000 ay mula sa pamahalaang panlalawigan at ang 41,000 ay galing naman kay Pangulong Benigno Simeon Aquino III sa ilalim ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Sa pagdami ng *Philhealth card holders,* ito ay katuparan ng hangad ni Gob. Edgardo A. Tallado na mas dumami ang mahirap na pamilya na magkaroon ng *Philhealth cards*. Ito ay pang-apat sa kanyang hakbangin tungo sa modernisasyon ng *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* na nakapaloob sa *THREE-YEAR AGENDA OF GOVERNANCE* na kanyang inilatag noong nagsimula siya sa panunungkulan bilang gobernador.

Maaaring gamitin ng mga benipisyaryo ang kanilang *Philhealth cards* sa *CNPH* at sa sangay nito sa *Labo District Hospital (LDH)* at *Capalonga Medicare and Community Hospital (CMCH)* pati na rin sa iba pang hospital. ***j@c***

# CNPH - Full Charity, Bagong...

## Hindi na bawal magkasakit

**MENSAHE NI GOB. EDGARDO A. TALLADO SA PASINAYA NG BAGONG GUSALI AT PAGIGING FULL CHARITY NG CAMARINES NORTE PROVINCIAL HOSPITAL**

Sa atin pong mahal na Obispo ng *Diocese of Daet*, *Bishop* Gilbert Garcera, *Vice Gov.* Jonah G. Pimentel, Bokal Gaying Pedron, Bokal Ruth Herrera, Dr. Arnulfo Salagoste, Dr. Myrna Rojas, sa lahat po ng mga doktor, mga kapwa ko *public servants* sa *provincial government*, *department heads*, sa lahat po ng mga kawani ng *provincial hospital*, *provincial government*, sa lahat po ng ating mga bisita, magandang-magandang umaga po sa inyong lahat.

Ako po ay magkukwento lang ng mga karanasan po natin noong tayo ay lumalaban pa sa kahirapan. Ang bahay namin sa bayan ng Labo ay 5 kms. ang layo sa sentro o kabayanan ng Labo. Bago ka makarating sa sentro ng Labo, ay mga dalawang oras. Kami po ay isa sa pinakamahirap na tao sa Brgy. Kanapawan sa bayan ng Labo. Dahil nga po sa sobrang kahirapan namin, hindi ko po makakalimutan ang aking mga karanasan noong ako ay bata pa. Kami po ay nagdadala ng aming produkto - kamote, kanggos, manu-mano dinadala po namin ang mga ito. Ang lupa po namin ay 3 kms. po ang layo sa *highway*. Wala pong kalsada noon. Ikalawa, wala po kaming kuryente noong araw. Pangatlo, bawal po sa aming pamilya ang magkasakit kasi pag nagkasakit kami mamamatay kami dahil sa sobrang kahirapan namin noon.

Kaya po ngayon na ako ay binigyan ng pagkakataon na mamuno sa ating lalawigan, iyong mga naranasan kong hirap sa buhay ay siya pong aking tinutugunan sa pamamagitan ng implementasyon ng mga programa para maibsan ang kahirapan ng ating mga kababayan. Una iyong mga kalsada sa barangay - pinapasemento natin ngayon; ikalawa – natupad ng administrasyon ko na ang lahat ng barangay sa Camarines Norte ay may kuryente na gayundin ang iba pang sitio at lahat ng sitio at purok ay magkakakuryente na sa 2013 dahil sa malaking pondo na aming nahingi ni *former Congresswoman* Chato. Ikatlo - ang libreng serbisyong medikal upang kahit magkasakit ang isang mahirap, may pamahalaan na kaagapay nila. Tama iyong sinabi ni Dr. Salagoste na hihintayin mo na lang na mamatay ka dahil sa sobrang kahirapan mo lalo na pag ikaw ay nasa malayong barangay. Kami po ay biktima rin ng ganyang mga sitwasyon kaya lang po mabait ang Panginoon sa

*(Sundan sa pahina 6)*






Mga larawang kuha sa pasinaya noong ika 22– ng Disyembre 2012, ng bagong emergency hospital, iba pang isinaayos na gusali at ambulansiya sa Camarines Norte Provincial Hospital

*(Mula sa pahina 3)*

ilalim ng *Health Facilities Enhancement Program (HFEP)* ng *Department of Health (DOH)*.

Sa mga nakaraang araw ay madalas na sorpresang bumibisita si Gob. Tallado sa ospital upang aktuwal niyang makita ang pamamalakad ng mga hepe rito pati na ang pakikitungo ng mga doktor at narses sa pasyente. Minsan nga ay nabanggit niya na nang pumunta siya sa ospital noong Disyembre dakong alas dose ng gabi ay nadatnan niya na naka-duty ang 2 doktor sa *emergency room (ER)*. *j@c*











Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM

**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,

**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula

**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.

**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;

# Carzan Party Needs kampeon sa light a TREE









*Mula sa Kaliwa*: Ang disenyo ng mga palamuting ilaw ng ***Carzan Party Needs*** sa pamamagitan G. Fidel Panotes na siyang nagwagi sa patimpalak at tinanggap ang premyong P100,000; nakamit naman ng ***MCE Academy*** ang ikalawang puwesto na may premyong P60,000 at ang ***Mason Lodge 107*** ang nakakuha ng ikatlong puwesto na may premyong P40,000. Sa larawan ay makikita si Unang Ginang Josie B. Tallado bilang kinatawan ni Gob. Edgardo A. Tallado, Atty . Debbee Francisco, *Provincial Tourism Operations Officer*, *Board Member* Ligaya Pedron at ang 3 *judges (second set)* na sina Carla San Mateo, *Researcher* ng *ABS CBN Global Channel*; Dr. Dolores Labarro, Pangulo ng Phil. *Dental Assn CamNorte* at *Atty.* Lourdes Clarissa King Cu.

## Modernisasyon ng CNPH




Ang bagong Intensive Care Unit sa Provincial Hospital




On-going sa Capalonga Community and Medicare Hospital ang pagsasaayos ng ibat-ibang pasilidad



Ang bagong isolation ward; Sa ibaba ang mas malawak at mas maayos na reception area at billing section



Ang konstruksyon/repair ng mga CR sa hospitals ay isinagawa din



may canopy ang papasok na daan at may malawak at maayos ng parking lot,



Makikita sa larawan sa ibaba ang iba pang mga bagong dating na kagamitang medikal


## Lying-in

*(Mula sa pahina 2)*

*of RHU* - P3.5 M; *SAN VICENTE (POBLACION, SILANGAN) – Construction of BEMONIC facility)* P2.4M; *MERCEDES- Birthing Facility; JOSE PANGANIBAN – Extension and repair of RHU; VINZONS (POBLACION) - Improvement of Municipal Lying-In; SAN LORENZO RUIZ (MAMPUROG) - Extension of RHU*, at sa CAPALONGA-*Improvement of Municipal Health Office (MHO). **j@c***



Makikita sa larawan si Gob. Tallado, Bise Gob. Pimentel at brgy kagawad ng Kabuluan sa ribbon cutting bilang pasinaya ng Lying-in sa barangay Kabuluan, Sta. Elena.



Delivery table



Dental chair



Autoclave machine




Centrifuge

# Mensahe ni Gob...

(Mula sa pahina 4)
aking pamilya kaya tayo po ay naka-*survive* sa ganoong klaseng mga sitwasyon. Higit sa lahat, tayo po ay naging Gobernador ng Camarines Norte.

Dahil dito, nagpagawa tayo ng mga kalsada, inayos at pinaganda natin ang *Provincial Hospital* dahil ito po talaga ang nakikita kong kailangan ng mga mahihirap po nating kababayan. Dahil umiikot ako sa buong lalawigan, nakikita ko po ang lahat ng mga kalagayan ng mga mahirap po nating mga kababayan sa barangay lalo na 'yung mga nasa liblib na lugar. Hindi po sapat iyong *multi-services caravan* na ginagawa natin, hindi po sapat na tayo ay nagbibigay ng gamot, bagama't sila po ay may Libreng *check up,* hindi po sapat iyon. Kaya sabi ko kay *Vice Gov.* Pimentel at sa mga *board members*, talagang kailangan natin ng bagong gusali sa *provincial hospital* at ayusin ang iba pang mga gusali nito, maging kumpleto at moderno ang mga kagamitan para sa maayos na serbisyo. Higit sa lahat ay maging libre ang serbisyo ng ospital para sa mahihirap at maging kaaya-aya ang uri ng pakikitungo ng mga doktor at narses sa mga pasyente.

Lahat po ito ay nangyayari na ngayon dahil sa pagtutulungan nating lahat, ng Sangguniang Panlalawigan sa pamumuno po ni *Vice Gov.* Pimentel at ng mga *departments heads* na talagang mahuhusay, matatalino, magagaling at talaga namang lahat ay pinag-aaralan. Siguro naman, kung tayo ay mawala na sa Camarines Norte at wala na tayo sa kapitolyo ay hindi na tayo makakalimutan ng ating mga kababayan dahil sa mga legasiya na iiwan po natin.

Marami po tayong naipatayong mga *lying in clinics* - 33 po iyan; 91,000 na po ang mga naipamigay nating mga *Philhealth cards* sa buong lalawigan, na ayon nga kay Dr. Salagoste, tayo po ang *number 1* sa *Region V.* Dati po, noong




hindi pa ako ang gobernador nasa hulihan po tayo.

Mahal kong mga kababayan, mga kapwa ko kawani, kung hindi po sa tulong at suporta ninyo, hindi po mangyayari ang lahat ng ito. Makakaasa po kayo na tatahak po tayo sa tuwid na landas. Magiging mahigpit po ako sa darating na taong ito para maka-*survive* po tayo sa sinasabing *full charity*.

Kung hindi tayo magtutulungan, kung walang kooperasyon, kung paksyon-paksyon tayo, hindi po tayo makatatahak tungo sa iisang direksyon, hindi natin mararating ang gusto nating puntahan. Kaya doon po sa mga empleyado ng *provincial hospital* na mga pasaway pa rin sa 2013, magbago na po kayo at hindi po ako manghihinuyo sa inyo dahil kung ganyan pa rin ang ugali ninyo, wala pong mangyayari sa atin. Mag kanya-kanya na po tayo, gagawin ko ang aking trabaho bilang *chief executive* at kayo po kung talagang ayaw ninyo sa akin, magkanya-kanya na tayo, iilan lang kayo. Kung ayaw ninyo po sa aking *style* na masyado kayong *pressured* sa uri ng pagtratrabaho na nais ko, bigyan n'yo ako ng kalayaan para ako po ay makapaghanap ng mga karapat-dapat sa posisyon ninyo. Sa totoo lang po, kulang pa ang naitulong ko, ang mga pag-iisip ko kung paano pa tayo higit na makatutulong sa ating mahal na lalawigan .Kaya tulungan ninyo po ako at makatitiyak naman po kayo na ang inyong tulong ay para sa kabutihan po ng mga taga-Camarines Norte.

Salamat Dr. Salagoste, salamat Dra. *Rojas, salamat mga Board Members*, salamat *Vice Gov.* Pimentel, salamat sa lahat ng mga kawani ng *Provincial Government*, sa lahat ng mga doktor at kawani ng *provincial hospital*, salamat po sa inyong lahat. Para sa inyo pong lahat ang mga *accomplishments* na nagawa ko, kabahagi po kayo rito. Sama-sama nating pinaghirapan ang mga ito.

Ngayon pong araw na ito masasaksihan natin ang makasaysayang inagurasyon ng sinasabi nating pinakamagandang ospital sa buong Luzon - ang *Camarines Norte Provincial Hospital*. Babasahin din ang *executive order* na nagtatakda nang pagiging *FULL CHARITY HOSPITAL* ng *CNPH*. Saksihan po ninyo ngayon ang aming pagpirma sa *executive order* na lahat tayo ay susunod sa kautusang ito. Maraming salamat po sa inyong lahat. *by jessicajae a. jerez, cao*)




***Ang marker na ito ay makikita sa bagong emergency room ng Camarines Norte Provincial Hospital***

# LIBRENG OPERASYON HATID MULI NG BACNA

Sa pagsisimula noong Pebrero 4 ng *12th BACNA Surgical Mission* sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)*, personal doong nagtungo si Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado at inalam ang sitwasyon sa ospital para mas mapahusay ang sistema at mas mara-ming mahihirap na mamamayan ang mabigyan ng libre subalit de -kalidad na serbisyo.

Katulong ang mga kinauukulang doktor at narses ng *CNPH*, ang grupo ng *Bay Area Camarines Norte Association (BACNA)* ay taunang nagsasagawa ng libreng operasyon sa mga pasyenteng may diperensya sa *gall bladder* (apdo); may *breast mass*, nais ipatanggal ang kanilang bukol o may *hernia* (luslos). Kasama rito ang libreng *hysterectomy*, *ovarian cyst* at *myoma operations* pati na ang *maxillofacial surgery* para sa mga bingot *(cleft palate)*.

Kasabay sa paghahatid ng libreng operasyon, isinagawa rin ng *BACNA* sa bayan ng Talisay at Vinzons ang kanilang *2nd Dental/ Optical Mission* kung saan namigay rin sila ng libreng *reading glasses*.

Ito ang ikalabintatlong pagkakataon na idinaos dito ng *BACNA* ang kanilang *humanitarian project* na una nilang dinala rito sa lalawigan noong taong 2000 at hanggang ngayon ay patuloy naipinagkakaloob sa mahihirap nating mga kababayan.

Ang *BACNA* na isang *non-profit organization* ay binubuo ng mga taga-Camarines Norte na nakabase sa *Bay Area, San Francisco, California*. Sila ay pawang mga propesyonal o matagumpay na negosyante na patuloy na nagtutulu-ngan upang mapaglingkuran ang mga kapus-palad nilang kababayan sa pamamagitan ng pagbibigay ng libreng operasyon at serbisyong medikal.

Ang pamunuan ng *BACNA* ay nagpasalamat kay Gob. Tallado at sa unang ginang ng lalawigan, Josie B. Tallado, kina Dr. Arnulfo Salagoste at Dr. Myrna Roxas ng *CNPH*, kay Atty. Debbee Francisco ng *Provincial Tourism Operations Division (PTOD)*, at sa lahat ng *volunteers* sa kanilang aktibong partisipasyon. Pinasalamatan din nila ang mga *rural health units (RHUs)* ng bawat bayan na nagsagawa ng paunang pagsusuri sa mga pasyente at nagbigay ng rekomendasyon sa mga kwalipikadong indibidwal para mabigyan ng libreng operasyon ng *BACNA*.

Samantala, sina *Cong.* Elmer Panotes, *former Congresswoman* Liwayway Vinzons-Chato, Basud *Mayor* Dominador Davocol, Mercedes *Mayor* Alex Lo Pajarillo, Daet *Mayor* Tito S. Sarion, Talisay *Mayor* Ronnie Magana, Vinzons *Mayor* Agnes Ang at Labo *Mayor* Dindo Pardo, at mga pribadong mamamayan na sina G. Marcel Lukban ng *Mabini Colleges*, Yoying Pimentel at G. Alex King ay taus-pusong pinasalamatan ng *BACNA* dahil sa naging mainit na pagtanggap sa kanila at aktibong tulong na ibinigay sa kanilang isang linggong *surgical mission* dito sa Camarines Norte. ***LORENA DELA TORRE-IBASCO***

# Ilang Brgy Health Centers BEmONC na

Sa *2012 Accomplishment Report* ng *Provincial Health Office* *(PHO) ng pamahalaang panlalawigan, napag-alaman na ilang *barangay health centers (BHCs)* sa Camarines ang isinaayos upang maging *BEmONC facility*.

Ang BEMONC o *Basic Emergency Maternal and Obstetrical New Born Care (BEMONC)* ay isang programang ipinatutupad sa ilalim ng *Health Facilities Enhancement Program (HFEP)* ng *Department of Health (DOH)*.

Isinagawa ang *repair and improvement* sa mga sumusunod na *barangay health centers* upang umangkop ang lugar at pasilidad bilang isang *BEmONC facility*:

Sta Cruz - Jose Panganiban; Gumaus at Dancalan - Paracale; Fabrica - San Vicente; San Felipe - Basud; at Fundado, Gumamela, Napaod, Baay, Malibago, Tigbinan at Dalas sa bayan ng Labo.

Natapos ang gawaing *repair at improvement* ng *BCH* sa nasabing mga barangay ng taong 2012. **j@c**

# Serye 3 ...

(Mula sa pahina 7)
*Provincial Road concreting project* - P5 milyon at *concrete fence with marker* ng paaralan doon. Noong 2011 ay kinongkreto rin ang *Barangay San Vicente & Basiad Provincial Road* - P7.4 M.

Sa barangay Kagtalaba na dinumog din ng tao ang *multi-services caravan*, ay may proyekto namang *concreting of FMR* na pinondohan ng P2 milyon ngayong taon.

Sa lahat halos ng barangay na tinungo ni Gob. Egay ay mayroon siyang proyektong naisagawa, isinasagawa at isasagawa pa. ***j@c***

# Wheelchair Distribution



Ilan sa mga larawang kuha sa isinagawang wheelchair distribution sa lobby ng kapitolyo na pinangunahan ni Unang Ginang Josie B. Tallado

Namahagi ng *10 wheelchairs* noong Enero 10 para sa mga benepisyaryong *persons with disability (PWDs)* si unang ginang ng lalawigan Josie B. Tallado bilang kinatawan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado na nasa mahalagang pagpupulong. Ang simpleng seremonya nito ay idinaos sa *Provincial Capitol Main Lobby*

Ang mga tumanggap ng *wheelchairs* ay sina Lydia Caballero,*78 taon taga P-2 Brgy. San Roque, Mercedes*; Patrick John Mercado, *7 taon taga P-6, Bagong Bayan, Jose Panganiban*; Pacita Barena, *72 taon taga P-7 Alawihao, Daet;* Gabrielle Marie A. Benvineda, *6 taon mula sa P-1 Anahaw, Labo*; Celia V. Rieza, *88 taon mula sa P-1 San Francisco, Talisay;* Gregorio T. Laborte, *55 taon ng P-3 Bagasbas, Daet*; Eric delos Angeles, *30 taon, P-3 Brgy. 6, Mercedes*; Ricardo Badiao, *21 taon ng P-3, Camambugan, Daet*; Natividad Yusa, *77 taon taga P-2, Bagasbas, Daet*, at Cecilia Aque ng *P -1, Centro Daguit, Labo.*

Ang pamamahagi ng *wheelchairs* sa mga *PWDs* na bahagi ng proyektong *Distribution of Assistive Device* na ipinatutupad ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)* ay pinahahalagahan ni Gob. Tallado kung kaya ito ay patuloy niyang nilalalaanan ng pondo sa ilalim ng Special *Projects Appropriations (SPA)* ng pamahalaang panlalawigan.

Ayon kay *Social Welfare Officer I* Emma R. Oliver ng *PSWDO*, ang iba pang interesadong mga *persons with disabilities (PWDs)* ay maaari ring mabigyan ng *wheelchairs*. Ang kailangan lamang ay gumawa sila ng liham-kahilingan kay Gob. Tallado kalakip ang *social case study* mula sa *Municipal Social Welfare and Development Office (MSWDO)*, *medical certificate* at *whole body picture* ng *PWD* na siya nilang isusumite sa *Office of the Governor* o kaya ay sa *PSWDO*.

Sa susunod na buwan ng Pebrero ay nakatakda uli ang susunod na grupo ng benepisyaryong bibigyan ng *wheelchairs* na kinabibilangan ng 13 *PWDs* na sina Benjamin R. Abihay, *67 gulang ng Purok Bayabas, Gubat, Daet;* Rowell Torrente, 27 *gulang ng Purok 2 Tamisan, Jose Panganiban;* Felipa P. Macale, 76 *gulang ng Purok 3, Camambugan, Daet;* Felomina P. Jamito, 59 *gulang ng Purok 5 Baay, Labo;* Anselmo N. Ruiles; 53 *ng Pasig Daet,* Ace R. Quinones, 16 *Borabod, Daet;* Trinidad A. Abletia, *65 gulang ng Talobatib, Labo;* Leonila Tagala, *68 Mangkasay, Paracale;* Gloria A. Cabezudo, *63 gulang ng Binanuaan, Talisay;* Jeneella Fe Hernandez, *7 gulang ng Batobalani, Paracale;* Zoila V. Azuela, 74 *gulang ng Lag-on Daet;* Lionara Simballa 44 *gulang ng Laniton, San Lorenzo Ruiz* at Vicente Delos Reyes, 50 *gulang ng Matacong, San Lorenzo Ruiz.* ***LORENA DELA TORRE- IBASCO/JAC***

# Free Reflex handog ng HWTP scholars kay Gob. Egay

Samantalahin ang libreng *reflexology service* tuwing ika- siyam ng umaga hanggang ika-apat ng hapon simula Lunes hanggang Biyernes sa *Camarines Norte Agro Sports Center (CNASC)*, sa tabi ng *Provincial Gym*.

Ang libreng masahe ay isinasagawa bilang pasasalamat kay Gobernador Edgardo A. Tallado ng mga iskolar na nagtapos ng *Health and Wellness Training Program (HWTP)* o *Massage Therapy NC 2* na *accredited* ng *TESDA* at pinondohan ng Tanggapan ng gobernador katulong ang ilang barangay at *local government units (LGUs)*.

Ayon kay G. Amado R. Bilo, *coordinator* ng nasabing programa, napakalaking oportunidad ang ipinagkaloob sa mga iskolar na makapag-aral ng pagmamasahe sapagkat kasalukuyan na nila itong hanap-buhay. Marami sa kanila ay tatrabaho na sa ibang bansa. Kaya bilang pasasalamat kay Gobernador Tallado ay isinasagawa nila ang libreng masahe. Ilan din sa mga nagtapos sa kanila ay boluntaryong sumasama sa *multi services caravan*.

Ang *Health and Wellness Training Program* ay pinasimulan noong Hulyo 2010, sa unang buwan ng termino ni Gob. Tallado at nagpapatuloy hanggang ngayon sa patnubay ni G. Alberto G. Ramos, *Barangay Affairs Officer* ng Tanggapan ng Gobernador.

Sa kasalukuyan, ito ay may 475 nang napagtapos. Ang naturang pagsasanay ay umaabot ng 120 oras o 15 araw at kapag nakumpleto ang pagsasanay maaari nang kumuha ng pagsusulit sa *TESDA* para sa *national competency 2 (NC2)*. Ang *NC2 certificate* ay katumbas ng diploma para sa isang *2-year college course.*

Magpapatuloy ngayong 2013 ang pagsasagawa ng *Health and Wellness Training Program* na isang pangkabuhayang programa ni Gob. Tallado lalo na at marami ang nag-aalok ng ganitong hanapbuhay, mapa-lokal man o sa ibang bansa. Ito ay bahagi pa rin ng programang pang-edukasyon ng butihing gobernador sa ilalim ng *Alternative Learning System (ALS)*. ***jingcalimlim***

# Serye 3 ...

*(Mula sa pahina 8)*

*water impounding* (P 3 milyon). Sinabi rin ng gobernador sa mga mamamayan doon na tatapusin niya ang kanilang kalahating *covered court*.

Enero 30 ng umaga, humataw uli ang caravan sa Sta. Elena sa barangay Plaridel, Guitol at San Pedro. Masayang sinalubong ng mga tagabarangay Plaridel si Gob. Tallado sa pamamagitan ng pagtugtog ng *drum and lyre corps (DLC)* bilang pagpapahayag nila ng pasasalamat sa proyektong malawak na *covered court* na pinasinayaan din ng araw na iyon. May proyekto namang *concreting of barangay road* sa San Pedro na P3.4 milyon ang halaga. Tig-P1 M din ang laan ngayong taon para sa *concreting* ng *FMR* ng San Pedro at Guitol.

Sa hapon, pagkatapos ng *caravan* sa San Vicente, Kagtalaba at Basiad ay pinasinayaan din ang Sta. Elena *Basiad*

***(Sundan sa pahina 6)***

*Si Gob. Edgardo A. Tallado at Bise Gob. Jonah Pimentel kasama si Ms. Dina Borja, dating Mayor ng Sta .Elena habang nasa harapan ng isang bahay sa Maulawin Sta. Elena na benepisyaryo ng proyektong pailaw doon. Makikita rin sa gawing kaliwa ang bagong kuntador ng kuryente.*



Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 3, BLG. 9 DAET, CAMARINES NORTE ENERO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com

# P 10 M halagang medical equipments para sa 3 government hospitals

41 *hospital beds* ang bagong dating kamakailan sa *Camarines Norte Provincial Hospital (CNPH)* at mayroon ding 5 *delivery room table with OB stainless steel;* 29 *wheelchairs* at 2 *units defibrillator*.


Ilan lamang ang mga kagamitang ito sa 22 uri ng iba't-ibang kagamitang pang-medikal at instrumento na umaabot sa 169 piraso at nagkakahalaga ng kabuuang P4. 1 milyon na dumating sa lalawigan mula sa *Deparment of Health (DOH)* sa ilalim ng *Health Facilities Enhancement Program (HFEP)*.

Hindi kabilang ang Camarines Norte sa 12









probinsiyang natukoy na kailangang pagtuunan ng pansin ang pangkalusugang suliranin, ngunit bunga ng personal na pakikipag-ugnayan ni Gob. Edgardo A. Tallado sa tanggapan ng *DOH* ay napagkalooban din ang ating lalawigan ng mga kagamitang nabanggit. Makailang ulit siyang pumunta sa naturang tanggapan hanggang sa masigurong makararating ang mga programang pang-medikal nito sa lalawigan.

May nauna pa ring mga kagamitang medikal at pang-ospital ang tinanggap na ng pamahalaang panlalawigan nitong nakaraang taon tulad ng isang *Ventilator with Compress*or na nagkakahalaga ng P1.2 milyon na pinaka-mahal sa mga kagamitang pang-medikal. Kabilang din dito ang isang *ambulance* -P999,000.00; 3 *units incubator* - P885,000.00, at 2 *units Infant Warmer with Resuscitator* - P530,000.00 sa ilan pang mga kagamitang medikal na may mataas na presyo mula sa kabuuang 51 na iba't-ibang kagamitang pang-ospital at pang-opisina tulad ng *computers*. Kasama rin dito

***Makikita sa larawan si Gob. Edgardo A. Tallado, Dr. Arnulfo Salagoste, Dr. Myrna Roxas at iba pa habang isinasagawa ang pagdidiskarga ng mga kagamitang pang-medikal mula sa DOH sa pagsusumikap ni Gob. Tallado. Makikita din ang isang bagong biling incubator ng pamalaang panlalawigan.***

ang ilang kahong gamot at mga babasahing gabay sa kalusugan.

Hinati ang mga ito sa 3 ospital ayon sa kanilang pangangailangan: 31 kagamitan sa *CNPH* na ang kabuuang halaga ay P5.9 milyon; 25 kagamitan sa *Labo District Hospital (LDH)* na nagkakahalaga ng P 2.3 milyon at 59 kagamitan para naman sa *Capalonga Medicare Community Hospital (CMCH)* na may kantidad na P 1.7 milyon.

Sa kabuuan, may kantidad na P9,980,432.00 ang tinanggap na kagamitang pang-ospital at pang-medikal ng pamahalaang panlalawigan.

Ang naturang mga kagamitan ay komplementaryo sa isinasagawang modernisasyon ng mga pampublikong ospital. *JINGCALIMLIM/ jessicajerez*

# SERYE 3 NG MULTI SERVICES CARAVAN
## Tampok ang pasinaya ng mga Proyekto

Hindi paaawat ang *Aprub Ka Egay Serbisyo Publikong Tunay Provincial Multi-Services Caravan* upang patuloy na maihatid ang serbisyo ng pamahalaang panlalawigan sa mga barangay kung kaya sa unang bugso nito noong Enero 11 ay tinungo nito ang ilan sa malalayong barangay sa Labo: Benit, Matanlang at Napaod at gayundin ang San Antonio na hindi naman kalayuan.

Enero 15 ay tinungo naman ng *caravan* ang mga barangay Iberica, Lugui, Mabilo 2, at Malasugui na pawang sa bayan ng Labo. Labo pa rin ang destinasyon nito noong Enero 25 sa barangay Mahawanhawan at Pangpang at isang barangay sa Paracale, ang Dancalan.

Pinuntahan ng *caravan* noong Enero 25 ang Macogon, Malaya at Malibago. Nagkaroon din ng seremonya ng pasinaya ng ***Concreting* of Malibago-Malaya FMR - P 40 Milyon project ni** Gob. Edgardo A. Tallado na ang pondo ay mula sa ***Office of the Presidential Adviser on the Peace Process (OPAPP)*** sa ilalim ng programang ***PAMANA*** na ang kahulugan ay **Payapa at Masaganang Pamayanan.**

Sa magkasunod na araw, Enero 29-30 ay 12 barangay ang naserbisyuhan ng *caravan* sa bayan ng Sta. Elena. Kaalinsabay nito ang pasinaya ng mga proyekto ni Gob. Tallado sa ilang barangay roon.

Matapos ang *caravan* sa malayong barangay ng Patag-Ibaba, Patag Ilaya at Maulawin sa Sta. Elena noong umaga ng Enero 29, isinagawa ang *ground breaking ceremony* para sa kalsadang pasisimulang ipaaayos doon. May tig-P1 milyong pondo mula sa pamahalaang panlalawigan ang *farm to market road (FMR)* ng nasabing 3 barangay.

Sa barangay Maulawin ay mayroon ding *electrification project* si Gob. Egay na nagkakahalaga ng P1.5 milyon at pinakikinabangan na roon.

Sa dakong hapon ay sa barangay Tabugon, Kabuluan at Don Tomas naman idinaos ang *caravan*. Nagpasinaya rito ng 2 *classroom* sa Tabugon *Elementary School* at Kabuluan *Birthing facility*. Sa Don Tomas ay mayroon ding proyektong rehabiltasyon ng *small*

*(Sundan sa pahina 7)*



***Masayang sinalubong si Gob. Edgardo A. Tallado ng mga mamamayan ng Plaridel, Sta Elena sa saliw ng tugtugin ng DLC sa isinagawang pasinaya ng Covered Court doon kasabay ng Multi-Services Caravan.***